



# NANOS

## Patient Brochure

### Blepharospasm

*Copyright © 2015. North American Neuro-Ophthalmology Society. All rights reserved. These brochures are produced and made available "as is" without warranty and for informational and educational purposes only and do not constitute, and should not be used as a substitute for, medical advice, diagnosis, or treatment. Patients and other members of the general public should always seek the advice of a physician or other qualified healthcare professional regarding personal health or medical conditions.*

Ang iyong doktor ay manggagamot ng “Benign Essential Blepharospasm,” isang kondisyon sa paggalaw ng talukap ng mga mata na nakakaapekto sa tinatayang 5 sa bawat 100,000 katao. Ang BEB ay isang kalagayan kung saan hindi nakokontrol ang pagpikit at pagsara ng mga mata. Ang pagsasara ng mata ay kusang nangyayari at walang kinalaman sa kapaligiran. Ito ay “benign” dahil ang kalagayang ito ay hindi banta sa buhay, at “Essential” na nangangahulugan na ito ay kusang nangyayari at walang kinalaman sa kapaligiran. Ang pinaka-epektibong gamot para sa BEB ay isang anyo ng botulinum toxin na tinatawag na BOTOX.

Ang blepharospasm ay isang kondisyon na kung saan malakas at napapadalas ang pagpikit/pagkurap ng mga mata. Maaari itong maging isang normal na reaksiyon sa napakamaliwanag na ilaw, mga mahapding pampatak para sa mata, isang nakakapuwing na bagay o simpleng pagtuyo ng mga mata. Ang pagsuri sa BEB ay maaaring matagal o maantala habang naghahanap ang doktor ng maaaring mga sanhi nito. Madalas nagsisimula ang blepharospasm sa madalas na pagpikit ng mga mata at napapalubha ng maliwanag na ilaw, pagkapagod, o emosyonal na tensyon. Ang blepharospasm maaaring maiugnay sa pagtuyo ng mata. Ang pasyenteng may blepharospasm ay maaari ring magkaroon ng pagtuyo ng mata at maaaring malunasan sa pamamagitan ng pagpatak ng artipisyal na luha. Maaaring ring maging sensitibo sa ilaw kung kaya’t makatutulong ang pagsuot ng tinted FL41 lens.

Ang BEB ay nangyayari sa mga taong may gitnang edad at mas naaapektuhan ang mga kababaihan kaysa sa mga kalalakihan. Ang BEB ay maaaring sanhi ng pagpalya ng parte ng utak ng tao, ang basal ganglia, na siyang nagkokontrol sa paggalaw. Sa karamihan ng mga pasyente, ang blepharospasm ay nangyayari ng walang kadahilanan. Habang lumalala ang kondisyon, ang pagpikit ng mata ay nagiging mas madalas tuwing may-araw at maaaring makakahadlang sa paningin ng pasyente sa mga ordinaryong gawain tulad ng pagmamaneho, pagbabasa, pamimili, at paglalakad. Ang mata ay maaaring manatiling nakasara ng ilang mga segundo, minuto o kahit na ilang oras. Ang hindi kontroladong pagsara ng mata ay hindi nagaganap habang natutulog, at kapag nakapagpahinga ang isang tao. Maraming mga pasyente ay nagkakaroon ng mga kusang galaw tulad ng pagsipol, paghuni, o pag-awit upang panatilihin ang nakabukas ang kanilang mga mata.

### Meige Syndrome

Ang mga pasyente na may BEB ay nagkakaroon ng mga hindi kontroladong pagsasara ng mga mata. Maari ring maapektohan o madamay ang ibang bahagi ng mukha at leeg, tulad ng bibig. Kapag nadamay na ang bibig, ang kondisyon ay tinatawag na Meige Syndrome o oromandibular dystonia. Ang kondisyong ito ay nagagamot din ng BOTOX.

## Botulinum toxin

Ang botulinum toxin na tinatawag na "BOTOX" ay ang pinaka-epektibong gamot para sa blepharospasm. Isang patak ng gamot ay nilalagay sa pamamagitan ng iniksyon sa ilalim ng balat sa apektadong bahagi ng mukha. Ang epekto ng gamot ay mararamdaman sa susunod na ilang araw. Ang epekto nito ay pinaparelaks at pinahihina nito ang maliit na kalamnan sa ilalim lamang ng balat. Dahil dito, napipigilan ang mga mapwersang pagsara sa mata. Ang karamihan sa mga neuro-Ophthalmologist at ilang Neurologists ang nagsasagawa ng BOTOX injections. Ito ay ginagawa sa klinika ng doktor at karaniwang tumatagal ng 10 lang o 15 minuto lamang. Ang epekto ng gamot ay magtatagal ng 3 buwan lamang. Pagkatapos nito ay kailangang muli mag-inject ng BOTOX. Karamihan sa mga pasyente ay hindi nakakaramdam ng side effect mula sa iniksyon. Ngunit ilan sa mga side effect nito ay pagkakaroon ng pasa sa bahagi ng katawan kung saan isinagawa ang iniksyon, pansamantalang paglaylay ng talukap ng mata at pagdoble ng paningin.

## Apraxia of Lid Opening

Sa kondisyong ito, nahihirapang buksan ng pasyente ang kanyang mga mata. Ito ay maaaring may kaugnayan sa blepharospasm. Ang pasyenteng may blepharospasm at apraxia ay karaniwang magkakaroon ng hindi kontroladong pagsara ng mga mata at pagkatapos ay magkakaroon naman kahirapan sa pagbukas muli ng mata. Dahil dito, karaniwan sa mga pasyente ay itinataas ang kanilang mga kilay o ginagamit and kanilang daliri upang tulungang mabuksan ang kanilang mga mata. Sa apraxia, apektado ang bahagi ng utak na nagkokontrol sa pagbukas ng mga mata. Ang BOTOX ay maaaring hindi ganap na epektibo sa paglunas ng apraxia at maaring mangagailangan ng ibang gamot para malunasan ito.

## Mga Madalas Itanong:

Maaari ba akong magkaroon ng botulism mula sa pag-iniksyon ng BOTOX?  
Hindi. Ang BOTOX ay nilalagay sa ilalim lamang ng balat at hindi nakakaapekto sa ibang bahagi ng katawan. Ang dami ng nilalagay na Botox ay kaunti lamang upang magdulot ng botulism.

## Masakit ba ang iniksyon ng BOTOX?

Ang BOTOX ay nilalagay sa pamamagitan ng isang napakaliit na karayom upang maiwasan ang sakit. Karamihan sa mga pasyente ay nakakaramdam lamang ng kaunting sakit na nagtatagal lamang ng ilang segundo.